


“

Nangungusap nga ba sa atin ang Espiritu bukod sa pangungusap niya sa atin sa Biblia?

What about...
special messages from God? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 7 of 7-MLP Cat No 385526
Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ano Ang Tungkol Sa ...

## NATATANGING MGA MENSAHE MULA SA DIYOS?



## *Ano Ang Tungkol Sa … Natatanging Mga Mensahe Mula Sa Diyos?*

"Nagpakita ang anghel ng Diyos sa akin."

"Sinabi ito ng Diyos sa akin."

"Nangusap ang Espiritu sa akin."

Tinitiyak ng Diyos na ang Espiritu ang nangugusap sa atin sa Biblia. Sa katunayan, ang mga nilalaman ng Biblia ay mga Salita ng Diyos, Espiritu Santo.

Ngunit tayo ba ay nag-aasam nang higit pa rito? Tayo ba ay nag-aasam na makatanggap ng natatanging mga mensahe at paggabay ng Diyos bukod pa sa ipinagkaloob niya sa atin sa Biblia?

Lahat tayo ay natutuksong mag-isip na hindi sapat ang ipinahayag ng Diyos sa atin. Marami pa tayong nais malaman. Nais nating malaman kung anong pagpapasya ang pipiliin natin. Nais nating malaman kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Kung ang mga mahal natin sa buhay ay yumao, nais nating malaman kung ano ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay. Ang mundo ay puno ng kawalang-katiyakan, at inaasam nating sagutin ng Diyos ang ating mga katanungan.

Ngunit nangungusap nga ba sa atin ang Espiritu bukod sa pangungusap niya sa atin sa Biblia?

Hindi nangako nang gayon ang Diyos. Sa katunayan, nagbabala ang Diyos sa atin na huwag tayong kumonsulta sa mga manghuhula, ilagay ang ating pag-asa sa sinasabi ng mga "zodiac signs", o magtiwala sa mga pangitain. Nais ng Diyos na pangalagaan tayo mula sa mga taong nagsasabing mayroon silang natatanging mga mensaheng tuwirang nagmula sa Diyos. Huwag kayong magpalinlang. Ipinagkaloob na ng Diyos sa atin sa Biblia ang lahat ng nais niyang malaman natin.

Ang pinakamahalagang bagay na nais ng Diyos na malaman ng lahat ng tao ay ang tungkol sa gawa ni Jesu-Cristo. Ito ang pangunahing mensahe ng Biblia. Ipinahahayag sa atin ng Diyos kung paano niya iniligtas ang mga makasalanan sa pamamagitan ni Jesus na kanyang isinugo upang sagipin tayo sa kasalanan at kamatayan. Ang Diyos ang nangungusap sa atin sa Biblia upang "kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalatayang iyon ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya" (Juan 20:31).

*"Ipinahayag na ng Diyos sa atin ang lahat ng nais niyang malaman natin"*

Hindi ipinahahayag sa atin ng Diyos ang lahat ng nais nating malaman. Ngunit ayos lang iyon. Lagi nating alalahanin ang dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Magtiwala tayo na ang Diyos ay laging kumikilos para sa ating ikabubuti – kahit na hindi niya inihahayag sa atin ang lahat ng nais nating malaman. Hindi tayo kailanman lilinlangin ng Diyos. Ipinahayag na niya sa Biblia ang lahat ng kailangan nating malaman at hinihingi niyang magtiwala tayo sa kanya sa mga bagay na hindi natin alam at hindi natin nauunawaan. Hindi niya tayo bibiguin kailanman.

Ipinahahayag sa atin ng Diyos sa Biblia ang tungkol kay Jesus. Wala nang anumang higit pang mahalaga kaysa rito.

